

FAQS ON THE SOCIAL AMELIORATION PROJECT RELIEFAGAD PROJECT

1. Ano ang ReliefAgad?

Ang ReliefAgad ay isang website at mobile application na bahagi ng tugon o inisyatibo ng pamahalaan upang mas mapabuti at mapabilis ang implementasyon ng Social Amelioration Program (SAP) sa ilalim ng DSWD.

2. Ano ang layunin ng ReliefAgad App?

Ang ReliefAgad App ay ginagamit upang mapabilis ang pagrerehistro ng mga benepisyaryo ng SAP na kasalukuyang may hawak ng *Social Amelioration Card (SAC) form*. Sa pamamagitan nito ay mas mabilis ang magiging balidasyon kung kwalipikado sila sa SAP.

Maliban dito, ang ReliefAgad App ay mayroong *interface* sa iba't ibang *electronic payment systems* na maaring magamit sa pangalawang bahagi ng pamimigay ng ayuda alinsunod sa alintuntunin ng programa at opisyal na kasulatan na ilalabas ng Pangulo patungkol sa nasabing pangalawang bahagi ng ayuda

3. Sino ang mga pwedeng gumamit ng ReliefAgad App?

Sa kasalukuyan, ang mga kwalipikadong benepisyaryo ng SAP na may hawak ng SAC form sa National Capital Region muna ang maaring gumamit ng ReliefAgad App, bilang *pilot run* ng nasabing proyekto.

Pinag-aaralan din ang mas malawakang paggamit ng ReliefAgad app para sa mga kwalipikadong benepisyaryo ng SAP sa ibang lugar partikular na para sa mga may karagdagang bilang ng benepisyaryo ng SAP (*waitlisted* o *leftout*). Antayin lamang ang anunsyo mula sa DSWD kung maaari na rin itong magamit sa inyong lugar.

4. Benepisyaryo ako ng SAP na hindi taga NCR, ngunit nagawa kong makapagrehistro gamit ang ReliefAgad app. Ano ang mangyayari sa naisumiteng datos?

Ang datos ay mapupunta sa database ng proyekto na nakaantabay lamang kung sakaling mas gagawing mas malawakan ang paggamit ng ReliefAgad app para sa mga kwalipikadong benepisyaryo ng SAP mula sa labas ng NCR. Antayin lamang ang anunsyo mula sa DSWD patungkol dito.

5. Ano ang magiging batayan sa mas malawakang paggamit ng ReliefAgad App?

Ang mas malawakang paggamit ng ReliefAgad App ay nababatay sa mga sumusunod

- a. Ang iyong lugar ay kabilang sa naitalagang bibigyan ng pangalawang bahagi ng ayuda alinsunod sa opisyal na kasulatan na ilalabas ng Pangulo patungkol sa nasabing ayuda.
- b. May mga karagdagang benepisyaryo ng SAP sa inyong lugar (*waitlisted* o *leftout*) base sa isusumiteng listahan ng lokal na pamahalaan sa DSWD.

Antayin lamang ang karagdagang anunsyo mula sa DSWD patungkol dito.

6. Kailangan pa bang magsusumite ng encoded SAC forms ang mga lokal na pamahalaan kung mayroon na namang pagrerehistro at pagsusumite ng datos gamit ang ReliefAgad App?

Kailangan pa rin ang pagsusumite ng encoded SAC forms ng mga lokal na pamahalaan alinsunod sa kanilang naitalagang tungkulin na nakasaad sa alintuntunin ng implementasyon ng SAP (MC 9 Series of 2020, Section VIII B5)

7. Anong mga papeles ang kailangan ko para makapag register sa ReliefAgad app?

Kailangan ang iyong SAC form na may kumpletong impormasyon.

8. Makatatanggap ba ng ayuda ang lahat ng makakapagparehistro sa ReliefAgad App?

Hindi lahat ng pagrerehistro ay maaring makatanggap ng ayuda. Maari lamang makatanggap ng ayuda kung:

- a. Ang nagrehistro ay kabilang sa nabigyan ng ayuda sa unang bahagi ng programa at base sa balidasyon na ginawa ng DSWD, ikaw ay (i) kabilang sa mga kwalipikadong pamilya sa programa, at (ii) walang duplikasyon sa pagbibigay ng ayuda mula sa iba pang ibang ahensya ng pamahalaan (MC 9 Series of 2020, Section VIII B6), at
- b. Ang iyong lugar ay kabilang sa naitalagang bibigyan ng pangalawang bahagi ng ayuda alinsunod sa opisyal na kasulatan na ilalabas ng Pangulo patungkol sa nasabing ayuda.


Maari ring makatanggap ng ayuda ang mga pagrerehistro na kabilang sa karagdagang benepisyaryo ng SAP (*waitlisted* o *leftout*) base sa isusumiteng listahan ng lokal na pamahalaan sa DSWD at alinsunod sa magiging alituntunin patungkol sa nasabing karagdagang benepisyaryo.

Recommending Approval:



CAMILO G. GUDMALIN
Undersecretary, Special Concerns

Approved/Disapproved:



ROLANDO JOSELITO D. BAUSTISTA
Secretary